**FILIPINO 5**

**PAGSASANAY PARA SA PANGNGALAN**

PANUTO A: Tukuyin kung ang nakasalungguhit na pangngalan ay Pantagi o Pambalana.

________________1. Mahal ko ang bayang Pilipinas.

________________2. Nagtatag ang kongregasyon ng isang programa para sa mga pamilya.

________________3. Ang mga mamamayan ay natuwa sa pangyayaring ito.

________________4. Sa Barangay Maginhawa ay nagkakaisa ang bawat isa.

________________5. Ang pinuno nila, si Kapitan Jose ay lubos na nagagalak.

________________6. Noong nakaraang buwan ay nagkaroon ng pulong ang mga lider.

________________7. Ang Mababang Paaralan ng San Jose ay matatagpuan sa nasabing barangay.

________________8. Sa umaga ay tinutugtog ang Lupang Hinirang sa Barangay Hall.

________________9. Ang komunidad ay tunay na payapa.

________________10. Ang nanay at tatay ko ay masaya sa aming pamayanan.

PANUTO B: Tukuyin ang uri ng pangngalang nakasalungguhit ayon sa konsepto nito (Tahas, Basal, Palansak)

_________________11. Ang mga panauhin ay binati nang magalang.

_________________12. Isang pumpon ng pulang rosas ang inilagay niya sa altar.

_________________13. Ginanap ang rally ng mga manggagawa noong nakaraang buwan.

_________________14. Ang pagtulong sa kapwa ay isang kadakilaan.

_________________15. Dinadalaw nila taon-taon ang isang tribo sa Mindoro.

_________________16. Nagwagi si G. Santos bilang Bayaning Pilipinong Guro.

_________________17. Ang pananampalataya sa Diyos ay panatilihin nating matatag.

_________________18. Ang pagtatapon ng basura kung saan-saan ay di dapat ugaliin.

_________________19. Mabilis na sumaklolo ang mga sundalo.

LIVEWORKSHEETS

________________20.  Ang kanilang angkan ay tunay na nagkakaisa.

PANUTO C:  Tukuyin ang kasarian ng pangngalang nakadiin sa bawat pangungusap.  Ilagay ang bilang ng tamang sagot.

1—Pambabae

2-Panlalaki

3-Di-tiyak

4-walang kasarian

_______21.  Kasama kong naglalakad tuwing umaga si **ingkong**.

______22.  Hinahangaan ng mga **dayuhan** ang ating natatanging kaugalian.

______23.  Tinawagan ang **ginoo**ng nag-aplay ng trabaho sa kanila.

______24.  Tahimik at simple ang buhay sa **lalawigan**.

______25.  Napakaganda ng napili nilang **lakambin**i.

LIVEWORKSHEETS